# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | . . . . . | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | . . . . . | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | . . . . . | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 08 FEB 2022 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN 08 FEB 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 051-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 51-T2021/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 06-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN TATLUMPU'T ANIM NA LIBO LIMANGDAAN SAMPUNG PISO AT SIYAMNAPU'T LIMANG SENTIMOS (P136,510.95) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY MALINAO, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg. 51-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2021 ng Barangay Malinao na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 51-T2021/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P136,510.95 para sa Limang Bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Malinao, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 02-04-22